
# Isang Ordinaryong Araw sa Fish Port




Kwento at Guhit ni:

**Claudine Mae S. Icamen**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Isang Ordinaryong Araw sa Fish Port

**Isang Ordinaryong Araw sa Fish Port**

*Isang maikling kwento sa MAPEH-Health 5*

**Kasanayan sa Pagkatuto**

*Naipamamalas ang nararapat na pangunang lunas sa karaniwang pinsala at kondisyon.* ***H51S-IVc-J36***

## Treasury of Storybooks

This story is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education. Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

Claudine Mae S. Icamen. *Isang Ordinaryong Araw sa Fish Port,* DepEd-BLR, 2022

**DEVELOPMENT TEAM**


**Writer and Illustrator:**

Claudine Mae S. Icamen

**Learning Resources Managers**

Sonia M. Padernal, Principal IV
Elsa R. Mata, EPS/LRMS
Loida O. Balasa, CID Chief
Isabelle S. Sibayan, OIC-ASDS
Meliton P. Zurbano, SDS


**SDO NAVOTAS**
**National Capital Region**



Si Nicolo ay isang batang Navoteno at siya ay pang apat sa anim na magkakapatid. Bagama't simple lamang ang kanilang pamilya at hindi marangya ang buhay na kinagisnan niya, hindi ito naging kakulangan para sa kaniya.


Si Nicolo, katulad ng kanyang Ate Nelia ay isang responsableng bata. Sila ay naaasahan sa mga gawaing bahay ng kanilang nanay at tatay. Sa pagiging matapang, at sa pagtulong sa mga nangangailangan ang Kuya Erwin at Kuya Arnold naman ang kawangis niya. Masipag siya kagaya ng kapatid niyang si Shirley. Higit sa lahat, siya ay masiyahing bata bagama't minsan ay may kalikutan at kakulitan din kagaya ni Rhea, ang bunso sa magkakapatid.

Tulad ng ibang magkakapatid, may mga pagkakataon rin na nagkakatampuhan at nagkakapikunan sila, subalit sa huli ay nagkakaayos parin sila.




NAVOTAS
FISH
PORT
NAVOTAS


Ang mga magulang ni Nicolo ay kapwa nagtatrabaho sa daungan ng isda sa Navotas o *fish port*. Ang Lungsod ng Navota ay kilala sa mga patis at bagoong, ito rin ang tinaguriang *Fishing Capital of the Philippines.*




Si Nicolo ay nasa ikalimang baitang na at isa siya sa mahigit apat na libong mag-aaral ng Mababang Paaralang Elementarya ng Dagat-Dagatan.

Masipag at matiyaga sa pag-aaral si Nicolo, sa katunayan isa siya sa kabilang sa mga piling mahuhusay na mag-aaral ng kanilang klase. Hindi siya lumiliban sa klase may baon man o wala.







Tuwing sabado, maaga pa lamang gumigising na siya hindi upang maghanda sa pagpasok sa paaralan kundi upang tumulong sa kanyang magulang sa fish port.

Ang fish port ang isa sa mga paboritong lugar ni Nicolo, dito niya nakikita ang iba't-ibang klase ng isda at uri ng mga yamang dagat.

Ito na rin ang nagsisilbing palaruan para sa kanya. Sa laki at lawak ng lugar,  madalas siyang maghabulan dito kasama ang ibang bata.




HOSPITAL

Bata pa lang alam na ni Nicolo na hindi marangya ang buhay na mayroon ang kanilang pamilya kaya, ganoon na lamang siya kapursigido na makapagtapos sa pag-aaral.

Bukod sa nais ni Nicolo na maiahon sa hirap ang kanilang pamilya, pangarap din niya na maging isang mahusay na doktor. Nais niyang makapang gamot ng libre sa mga mayroong karamdaman na walang kakayahan o hikahos sa buhay. Likas na malapit sa puso niya ang pagtulong sa kanyang kapwa.

Isang ordinaryong araw sa fish port, habang ang mga negosyante at trabahador ay abalang-abala sa pagkakarga at pagsasaayos ng mga banye-banyerang isda, si Nicolo naman ay masigla at masayang naglilinis ng mga bakanteng banyera.




N

Nakasanayan na ni Nicolo na tulungan ang kanyang ina sa paglilinis ng mga banyera sa fish port kaya halos kabisado na din ni Nicolo ang pasikot-sikot sa fish port maging ang mga taong nakakasalamuha niya.

Pagkatapos niya linisin ang mga bakanteng banyera, paglalaro naman ang sunod nilang ginagawa ng kanyang mga kaibigan.







“Nicolo, pagkatapos mo dyan ay isunod mo na rin ang iba pang mga banyera na nasa banda doon.” wika ng kanyang ina.

“Ahhhh… ehh… inay maaari po ba na mamaya na man po iyan? Maglalaro pa po kasi kami ng mga kaibigan ko, inaantay na po nila ako.





“Nako anak, mamaya na kayo maglaro, unahin mo muna na linisin lahat ng bakanteng banyera. Darating na maya-maya ang mga bagong ahon na isda at wala na tayong banyera na malinis na paglalagyan,” malambing na sambit ng kanyang ina.

“Sige po nanay,” sagot naman ni Nicolo.

Nagmamadaling tinapos ni Nicolo ang paglilinis at pagsasalansan ng mga banyera, sa kagustuhan na mapuntahan kaagad ang mga kaibigan at makapaglaro kasama nila. Sa kanyang pagmamadali di niya na alintana ang mga bagay-bagay na nakakalat sa tabi niya. Dali-dali siyang kumaripas patungo sa lagayan ng mga banyera, at di niya napansin ang kutsilyo na nakabalandra sa napakadulas na sahig.

At sa hindi inaasahang pangyayari  ay nadulas si Nicolo at naluhuran niya ang nakakalat na kutsilyo.

“Aray ko po! Aray ko po! Inay ang tuhod ko po inay!” sambit ni Nicolo habang patuloy ang kanyang pag-iyak.


N

Nang marinig ng kanyang ina ang pag-iyak na tawag ni Nicolo, kumaripas ito ng takbo papunta sa kanya.

“Diyos ko! Anak, ano ang nangyari sayo?” nag-aalalang saad ng kanyang ina.
Kaagad itinayo si Nicolo ng kanyang ina, pagkaraa’y hinugasan ng malinis na tubig at sabon ang sugat nito.

“Aray ko nay… dahan-dahan lamang po.” nagmamakaawang sambit ni Nicolo. “Marahil ay nagmamadali kana naman na puntahan ang mga kaibigan mo, hindi ka naman nag-ingat”, wika ng kanyang ina.




N
ALCOHOL
FIRST AID


Pagkatapos mahugasan ang nag kanyang ina ang sugat niya, gamit naman ang bulak ay bahagyang pinahiran ng alcohol ang palibot nito upang maiwasan ang impeksyon. "Mahapdi ito anak ngunit kailangan mong tiisin ang sakit", walang nagawa si Nicolo kundi ang humikbi.

Dahil malaki at may kalaliman ang sugat ni Nicolo minabuti ng kanyang ina na lagyan ito ng malinis na gasa, para na rin maiwasan na madumihan o dapuan ng anumang insekto.

"Sa susunod anak ay mag-iingat ka, lalo't alam mo naman na may kadulasan at palaging basa ang sahig dito sa fish port. Palagi mo rin sisinupin at itatago sa tamang lalagyan ang mga gamit na nagkalat. Higit sa lahat anak, iwasan mo ang pagmamadali, dapat laging marahan at maingat."

“Tatandaan ko po iyan nanay, pasensya na po kayo dahil sa kagustuhan ko na maglaro naging pabaya po ako at hindi naging maingat,“ nahihiyang tugon ni Nicolo.

“Inay tanong ko lang din po, saan po ninyo natutunan ang paunang lunas na inilapat mo sa sugat ko?” mariin na tanong ni Nicolo.





N
ALCOHOL

“Iyon ay natutunan ko lamang sa iyong lola. Madalas kaming sumama sa kanila ng lolo mo sa fish port at may pagkakataon din na minsan na akong nasugatan dahil naman sa hindi maingat na pagkakaliskis ng isda. Ang pangunang lunas na inilapat ko sa sugat mo ay siya ring pangunang lunas na natutunan ko sa lola mo”, paliwanag ng kanyang ina.





“Alam mo din ba na noong ako ay naging miyembro ng *Girl Scout of the Philippines* ng aming paaralan. Isa sa mga itinuro sa amin ang pangunang lunas para sa mga karaniwang pinsala at kondisyon, kasama na din ang pangunang lunas para sa mga kagat ng insekto at iba pang hayop”, dagdag pa nang kanyang ina.

“Wow! Ang galing niyo po inay at ang husay din po ng teacher nanay ninyo, si Lola Conching,” pagkamahang saad ni Nicolo.







“Maraming salamat Inay kung wala po kayo marahil ay hindi ko po alam ang gagawin ko”, malambing na bigkas ni Nicolo.

Hinalikan siya sa ulo ng kanyang ina at niyakap nang mahigpit sabay sabi, “Walang anuman anak.”

Mula noon ay mas naging maingat na si Nicolo. Nagpaturo rin siya sa kanyang ina ng pang unang lunas o *first aid* para sa mga di inaasahang pangyayari at ibinahagi rin niya ito sa kanyang mga kalaro at mga kaibigan.

Sabi nila ang aksidente ay nangyayari nang hindi inaasahan at sinasadya na kadalasang nagreresulta sa pinsala.

Minsan kana bang nasaktan o di kaya ay nasugatan? Ano ang iyong unang ginawa? Sino ang una mong tinawag?

Tara at sabay nating tuklasin kung paanong ang isang ordinaryong araw sa fish port ay naging isang makabuluhang araw na puno ng kaalaman at mahalagang aral.

